


# Mga pagbabago sa pamamaraan ng pagpapatala

## Impormasyon para sa mga pamilya

## Ano ang binago?

Ang mga sumusunod na pagbabago ay ginawa sa mga pamamaraan ng Pagpapatala mula sa Kindergarten (Kindergarten) hanggang sa Year 12 (Year 12) at inilalapat sa lahat ng mga pagpapatala sa mga pampublikong paaralan mula sa Term 1, 2026.

### Mga pagbabago sa mga hindi lokal na mga pagpapatala (non-local enrolments)

Noong 2025, sinimulan namin ang kriterya upang bigyan ng prayoridad ang mga aplikasyon sa mga hindi lokal na pagpapatala para sa mga mag-aaral na may mga partikular na pangangailangan sa pag-aaral at kagalingan, mga kapatid ng mga kasalukuyang naka-enrol na mga mag-aaral, at mga anak ng mga kawani ng paaralan.

Sa 2026, ang mga hindi lokal na pagpapatala ay bibigyan rin ng prayoridad para sa:

- Mga mag-aaral na Aborihinal at/o Torres Strait Islander upang kilalanin ang mga ugnayan na pangkultura, pampamilya at kinship connections.
- Mga mag-aaral na magsisimula sa Kindergarten na nakapasok na noon sa isang pampublikong preschool na nasa loob ng isang pampublikong paaralan sa NSW.

### Mas maraming kalayaan para sa mga anak ng mga Miyembro ng Sandatahan

Ang mga pamamaraan ng pagpapatala ay kasalukuyang binabago upang masiguro ang higit pang kalayaan sa mga pangangailangan ng pagpapatala para sa mga anak ng mga Miyembro ng Sandatahan sa panahon ng paglipat at habang kumukuha ng pabahay.

### Pagkilala sa kinship ng Aborihinal at/o Torres Strait Islander

Ang mga paaralan ay magkakaroon ng higit pang kalayaan na mag-enrol sa mga mag-aaral na Aborihinal at/o Torres Strait Islander, pati na ang para sa mga kinship connections, kaligtasang pangkultura, at pag-access sa pag-aaral ng wikang Aborihinal at mga tungkuling pangkultura tulad ng Sorry Business.

### Pagpapatuloy para sa ating mga pinaka-nanganganib na mga mag-aaral

Mga partikular na pamamatnubay para sa mga mag-aaral na naka-piyansa at mga mag-aaral na lumilipat mula sa mga paaralan ng mga youth justice centre at mga nasa kustodiya ay isinasama na rin at ang mga aplikasyon sa lokal na pagpapatala para sa mga mag-aaral sa kategoryang ito ay ipoproseso na sa loob ng 2 araw ng may pasok sa paaralan.



NSW GOVERNMENT

# Mga Madalas na Itinatanong

## Nailalapat ba ang mga pagbabagong ito sa aking anak?

Ang mga pagbabago sa pamamaraan ng pagpapatala sa 2026 sa mga pampublikong paaralan ng NSW ay nailalapat sa inyo kung:

- ang inyong anak ay isang Aborihinal at/o Torres Strait Islander na may mga konsiderasyon sa kinship, wika o kultura
- ang inyong anak ay galing sa out-of-home care, naka-piyansa, o lumilipat mula sa isang paaralan sa isang youth justice centre o sa kustodiya
- isa sa mga magulang ng inyong anak ay nagsilbi o kasalukuyang nagsisilbi sa Pwersang Sandatahan at maaaring maapektuhan ng mga pangangailangan ng relokasyon na nagmumula sa pagtatrabaho sa Australian Defence Force.

## Kakailanganin bang gawin ng lahat ng mga paaralan ang mga pagbabagong ito?

Depende sa pagkakaroon ng mga bakante sa pagpapatala sa isang paaralan, kinakailangang ilapat ng mga paaralan ang mga pagbabago para sa mga hindi lokal na pagpapatala para sa mga mag-aaral na magpapatala para sa Term 1, 2026.

Ang mga pagbabago sa pamamaraan ng pagpapatala para sa mga hindi lokal na mag-aaral ay hindi makakaapekto sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa mga espesyalistang lugar o mga programa, tulad ng mga lubos na selective na mga paaralan, mga paaralan para sa espesipikong layunin (schools for specific purposes (SSPs)), mga distance education school, at mga paaralan na may mga klase o mga programa na may espesipikong pangangailangan sa pagiging kwalipikado (halimbawa, opportunity classes, specialist sports at/o creative o performing arts streams). Ang mga paaralang ito ay napapailalim sa kanilang sariling mga pamamaraan, mga kriterya sa pagiging kwalipikado at mga pagtatasa at magpapatuloy sa pagsunod ng kanilang mga kasalukuyang proseso sa pagpapatala.

Dapat na ilapat ng mga paaralang panlalaki lang o pambabae lang (single-sex) ang mga pagbabago basta't natutugunan ng ine-enrol na bata ang mga kinakailangan ng paaralan para sa kasariang iyon. Makipag-ugay sa naaangkop na paaralan upang magtanong kung paano nailalapat ang mga pagbabagong ito.

## Awtomatiko bang tatanggapin ang aking aplikasyon para sa hindi lokal na pagpapatala kung natutugunan ng aking anak ang binagong kriterya?

Ang mga pagbabagong ito ay hindi naggagarantiya ng pagpapatala para sa inyong anak sa isang hindi lokal na pampublikong paaralan. Ang inyong aplikasyon ay kikilalanin ng mga paaralan na may hindi lokal at lokal na bakante sa pagpapatala. Ang mga paaralan na may limitadong bakante sa hindi lokal na pagpapatala ay magbibigay ng prayoridad sa mga hindi lokal na pagpapatala para sa:

- mga mag-aaral na may mga pangangailangan sa pag-aaral at kagalingan na nangangailangan ng makatwirang mga pagsasaayos at/o karagdagang suporta sa edukasyon, kabilang ang
  - mga mag-aaral na Aborihinal at/o Torres Strait Islander na may mga pangkulturang konsiderasyon at/o pamilya o mga kinship connections at mga relasyon
  - Kapansanan
  - Edad ng paglago
  - Trauma
  - Mga pag-aalala sa proteksyon ng bata
  - Mga pangangailangan at kalagayang medikal at indibidwal
- mga kapatid ng mga mag-aaral na kasalukuyang pumapasok sa paaralan, kung saan ang mga kapatid ng mga mag-aaral na nasa mga support unit ay binibigyan ng prayoridad
- isang magsisimula sa Kindergarten na mag-aaral na nakapasok na noon sa isang pampublikong preschool na matatagpuan sa loob ng paaralan.

Makipag-ugnay sa angkop na paaralan para sa karagdagang impormasyon.

## Nangangahulugan ba ito na, ang mga mag-aaral lamang na nakakatugon sa prayoridad na kriterya para sa mga hindi lokal na pagpapatala ang tatanggapin magmula ngayon?

Hindi, ang mga magulang ay hinihimok na mag-aplay upang ipatala ang kanilang mga anak sa anumang pampublikong paaralan kung ang bata ay nararapat na pumasok sa paaralan at kayang tanggapin ng paaralan ang bata sa loob ng enrolment availability nito. Lahat ng mga paaralan na may limitadong hindi lokal na mga bakante sa pagpapatala ay dapat na bigyan ng prayoridad at isaalang-alang ang mga aplikasyon laban sa binago na kriterya ng hindi lokal na pagpapatala.

## Ang dati kong aplikasyon para sa hindi lokal na pagpapatala ay tinanggihan, ngunit natutugunan na ng aking anak ang binagong kriterya. Maaari ba akong muling mag-aplay?

Oo. Kung nakapag-apply ka na noon para sa inyong anak na magpunta sa isang hindi lokal na paaralan sa 2026 at tinanggihan ang aplikasyon, maaari ka muling mag-apply kung natutugunan ng inyong anak ang binagong hindi lokal na kriterya ng pagpapatala. Mangyaring sundin ang nakabalangkas na mga hakbang sa ibaba na "Paano ko mapapalitan kung saan naka-enrol ang aking anak?".

## Isinumite ko na ang isang Pagpapahayag ng Pagiging Interesado (Expression of Interest (EOI)) para sa Year 6 hanggang 7 na Paglilipat. Maaari ko bang palitan kung saan naka-enrol ang aking anak?

Oo. Kung natutugunan ng inyong anak ang binagong kriterya ng hindi lokal na pagpapatala, maaari kayong magsumite ng isang bagong aplikasyon sa inyong piniling hindi lokal na paaralan, kahit nakapagsumite na kayo ng isang EOI para sa Year 6 hanggang 7 na paglipat (transition). Pakisunod sa mga hakbang na binalangkas sa seksyon sa ibaba na "Paano ko mapapalitan kung saan naka-enrol ang aking anak?".

## Paano ko mapapalitan kung saan naka-enrol ang aking anak?

Ang mga magulang o mga tagapag-alaga na gustong i-enrol ang kanilang anak sa isang hindi lokal na paaralan ay kinakailangang sumunod sa mga hakbang na ito upang palitan ang kanilang enrolment:

**Mga aplikasyon ng pagpapatala sa online**

1. Magpunta sa website ng pampublikong paaralan na gusto ninyong mag-aplay na magkapag-enrol, at i-cllick ang pagpapatala (enrolment) sa mga opsyon ng menu.
2. Sa webpage ng pagpapatala, sa ilalim ng heading ng paano magpatala (how to enrol), i-klik ang link para sa aplikasyon ng pagpapatala sa online (online enrolment application).
3. Kapag naisumite na ninyo ang inyong aplikasyon upang makapag-enrol, maaari kayong mabibigyan ng paaralan ng isang pag-alok na kakailanganin ninyong tanggapin sa loob ng 14 araw.
4. Kung tatanggapin ang inyong aplikasyon, makipag-ugnay sa paaralan kung saan ay dating naka-enrol ang inyong anak upang bawiin ang enrolment na iyon.

**Mga aplikasyon na porma na papel**

1. Makipag-ugnay sa hindi lokal na pampublikong paaralan upang alamin kung maaari nilang tanggapin ang inyong anak.
2. Kung kayang tanggapin ng paaralan ang inyong anak, mangyaring kumpletuhin ang isang bagong papel na porma ng aplikasyon, na maaaring ibigay ng paaralan.
3. Kapag naisumite na ninyo ang inyong porma upang mag-aplay na mag-enrol, maaaring mabibigyan kayo ng paaralan ng isang pag-alok na kakailanganin ninyong tanggapin sa loob ng 14 araw.
4. Kung tatanggapin ang inyong aplikasyon, makipag-ugnay sa paaralan kung saan dating naka-enrol ang inyong anak upang bawiin ang enrolment na iyon.

## Paano kung wala akong isang permanenteng address o ang kinakailangang dokumento ng pagkakakilanlan?

May mga kalagayan kung saan ang isang mag-aaral ay maaaring i-enrol na walang patunay ng address. Kabilang sa mga kalagayang ito, ngunit hindi limitado, ang mga kultural na konsiderasyon, mga anak ng mga Miyembro ng Sandatahan at mga bata o mga kabataan sa out-of-home care, mga naka-piyansa, o lumipat mula sa mga paaralan ng mga youth justice centre at mga nasa kustodiya. Mangyaring makipag-ugnay sa angkop na paaralan para sa karagdagang impormasyon kung sa palagay ninyo ay nababagay ito sa inyong sitwasyon.

## Nailalapat pa ba ang mga pagbabago sa patakaran at pamamaraan ng pagpapatala sa 2025?

Oo. Ang mga pagbabago sa 2025 ay magpapatuloy na nailalapat para sa mga pagpapatala sa 2026. Kabilang dito ang:

- Lahat ng mga mag-aaral na nasa isang temporary resident visa ay maaaring magpatala sa kanilang lokal na pampublikong paaralan, batay sa address ng kanilang tahanan.
- Ang mga kapatid ng mga kasalukuyang naka-enrol na mga mag-aaral sa isang pampublikong paaralan ay bibigyan ng prayoridad para sa hindi lokal na pagpapatala, kung saan ay ibibigay ang prayoridad sa mga kapatid ng mga mag-aaral sa mga support class ng mga kwalipikadong karaniwang paaralan.
- Maaaring ituring ang mga anak ng mga kawani ng paaralan para sa hindi lokal na pagpapatala sa isang pampublikong paaralan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabagong ito, o kaya'y tingnan kung nailalapat ang mga ito para sa inyong anak, makipag-ugnay sa nararapat na paaralan.

## Saan ba ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

**Para sa katanungan sa pagpapatala, makipag-usap sa inyong ginustong paaralan. Hanapin ang mga detalye ng pagkontak sa inyong paaralan sa:**
education.nsw.gov.au/find-a-public-school

**Para sa karagdagang impormasyon kung paano makapagpatala sa isang paaralang pamahalaan ng NSW:**
education.nsw.gov.au/enrolment

**Para sa karagdagang impormasyon kung paano makapagpatala sa isang paaralang pamahalaan ng NSW bilang isang Temporaryong Residente:**
https://www.deinternational.nsw.edu.au/

**Para sa pangkalahatang mga tanong sa pagpapatala, makipag-ugnay sa Department of Education head office:**
1300 679 332

**Serbisyo ng Pag-iinterprete sa Telepono (Telephone Interpreter Service)**

Kung kayo ay nangangailangan ng isang interpreter (tagapagsaling-wika) upang tulungan kayo na makipag-ugnay sa isang paaralan o sa Department of Education, pakitawag ang Telephone Interpreter Service sa 13 14 50 at humingi ng isang interpreter sa inyong wika. Sabihin sa operator ang numero ng telepono na gusto ninyong matawagan at kukuha ang operator ng isang interpreter sa linya upang tulungan kayo sa pakikipag-usap. Hindi kayo sisingilin para sa serbisyong ito.



NSW GOVERNMENT